# Isang Pagsasanay sa Pagdama

ERICK DASIG AGUILAR

Lagi na akong nababagabag
sa mga pagitan.

Halimbawa,
karaniwan, sa papel, nakasaad,
matapos ang araw ng pagsilang,
na susundan ng isang gitling:
ang kawalan—na wari bang naghihintay
mapunuan; ngunit hindi magagawa
sapagkat ang nagpaalam lamang
na may bibilhin sa labas
ay may katawang
hindi na babalik,
matatagpuan, kahit
kailan.

Isa pang halimbawa, kapag
may dumaraang alulong
ng sirena, sa humihilik
na hatinggabi o madaling-araw—
may natutupok kaya?
may naghihingalo?
o nasa bingit?
—naangkin ko, saglit,
ang inaanunsiyong pagmamadali,
patungo sa kawalan
katiyakan,
na agad dumating-lumisan,
sa akin.

Kabisa ko ang bokabularyo ng kaba.
Kinasanayan ko
ang mga saglit nito,
pagdalaw.

Sa isang taon, dalawang beses
kung mamulaklak ang talahib.

Kapag buwan ng Mayo,
mahihinog ang siniguwelas.

Tuwing Hulyo bumibitiw sa puno
ang huling bunga ng abokado.
Nitong nakaraan, katulad ng marami,
nabalitaan ko: may natagpuang
katawan
na matagal nang natagpuan
ngunit walang ngalan. Lagi,
hindi ang sa hinahanap na katawan
ang matatagpuan. Lagi,
ibang katawan ang makakatagpo
sa ibang katawan. Lagi,
ako'y nagbabaka-sakali,
hanggang maubusan
ang hinagap, ng bilang,
sa mga pagitan.